


# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Ang Uri ng Pamahalaan at Patakarang Ipinatupad sa Panahon ng mga Amerikano



## **Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang**

### **Alternative Delivery Mode**

### **Ikalawang Markahan – Modyul 1: Ang Uri ng Pamahalaan at Patakarang Ipinatupad sa Panahon ng mga Amerikano**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Carmela M. De Gracia

**Editor:** Marife E. Cajutol, Mitzel M. Alvaran,  
Jewelyn Q. Cadigal, Blas P. Tabayag, Jr.

**Tagasuri:** Blas P. Tabayag, Jr., Mary Helen M. Bocol, Junry M. Esparar

**Tagaguhit:** Cherry Dawn M. Macatubal

**Tagalapat:** Jewelyn Q. Cadigal

**Tagapamahala:** Ramir B. Uytico Pedro T. Escobarte, Jr.

Portia M. Mallorca Nelly E. Garrote

Elena P. Gonzaga Donald T. Genine

Celestino S. Dalumpines IV Junry M. Esparar

Mary Helen M. Bocol Blas P. Tabayag, Jr.

Jewelyn Q. Cadigal Eme Ann P. Valdez

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

#### **Department of Education – Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City

Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653

E-mail Address: region6@deped.gov.ph

**6**

**Araling Panlipunan**  
**Ikalawang Markahan – Modyul 1:**  
**Ang Uri ng Pamahalaan at**  
**Patakarang Ipinatupad sa Panahon**  
**ng mga Amerikano**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ng SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo an gating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Kumusta ka na? Malamang marami ka nang alam tungkol sa ating bansa sa panahon ng mga Amerikano. Atin pang dagdagan ang iyong natutuhan tungkol sa uri ng pamahalaan at patakarang ipinatupad ng mga Amerikano sa ating bansa.

Ayon sa mga kasabihang “kapag may tiyaga, may nilaga” at “kapag may itinanim, may aanihin,” kung pinagsikapan mo ang isang bagay, may naghihintay sa iyong tagumpay.

Kaya ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa ikauunlad ng iyong kaalaman. Dito tatalakayin ang mga uri ng pamahalaan at patakarang ipinatupad ng mga Amerikano. Tatalakayin din dito ang mga ginawa ng mga pinunong Pilipino upang makamit natin ang kalayaan mula sa pananakop ng mga Amerikano. Isinulong nila ang mahinahong pakikibaka o diplomatikong pamamaraan.

May dalawang aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1- Ang Pamahalaang Militar
- Aralin 2- Ang Pamahalaang Sibil

Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. nasusuri ang uri ng pamahalaan at patakaran na pinatupad ng mga Amerikano;
2. nasusuri ang Pamahalaang Militar at ang patakarang pinatupad;
3. nasusuri ang Pamahalaang Sibil at ang patakarang pinatupad;
4. matutukoy ang mga mungkahi ng Komisyong Schurman at ang mga isinagawa ng Komisyong Taft; at
5. matutukoy ang mga dahilan sa pagpapalit ng Pamahalaang Militar ng Pamahalaang Sibil.



## ***Subukin***

Bago tayo magsimula sa ating bagong aralin, subukan mo munang sagutan ang katanungan sa ibaba.

Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod ang ipinairal ng mga Amerikano tungo sa mabuting pamamahala ng mga Pilipino?
  - A. pagbibigay ng pagkakataon sa mga Pilipino na makapamahala sa sariling pamahalaan
  - B. pag-unlad ng ekonomiya
  - C. pagbibigay ng karapatan sa mga kababaihang Pilipino upang makapag-aral
  - D. paglaganap ng kulturang Amerikano
2. Ang Komisyong Taft ay pinamumunuan ni Hukom William Howard Taft. Alin sa sumusunod ang kapangyarihan ng Komisyong ito?
  - A. magsagawa ng batas at magpatupad nito
  - B. tulad ng Pangulo ng Estados Unidos
  - C. makipagkalakalan sa ibang bansa
  - D. makipag-ugnayan sa ibang bansa
3. Ang Unang Komisyon ay dumating sa Pilipinas noong Marso 1899. Sino ang namuno sa Unang Komisyon na pinadala ng Estados Unidos?
  - A. Willam Howard Taft
  - B. Dr. Jacob Gould Schurman
  - C. Heneral Elwell Otis
  - D. Heneral Arthur MacArthur

4. Ang isa sa layunin nito ay mapaunlad ang kabuhayan ng mga Pilipino at maituro ang wikang Ingles sa mga paaralan.
- |                       |                  |
|-----------------------|------------------|
| A. Komisyong Schurman | C. Susog Spooner |
| B. Komisyong Taft     | D. Batas Cooper  |
5. Kailan dumating ang Komisyong Taft sa Pilipinas?
- |                     |                    |
|---------------------|--------------------|
| A. Oktubre 16, 1907 | C. Hunyo 3, 1900   |
| B. Marso 4, 1899    | D. Agosto 14, 1898 |
6. Ang uri ng pamahalaang itinatag upang mapigilan ang pag-alsa ng mga Pilipino.
- |                        |                         |
|------------------------|-------------------------|
| A. Pamahalaang Sibil   | C. Pamahalaang Schurman |
| B. Pamahalaang Merritt | D. Pamahalaang Militar  |
7. Maraming Pilipino ang lumahok sa pamahalaan sa ilalim ng pamahalaang sibil sa bisa ng patakarang \_\_\_\_\_.
- |                                      |
|--------------------------------------|
| A. Pilipino Muna                     |
| B. Pilipinisasyon ng Pilipinas       |
| C. Pilipinas ay para sa mga Pilipino |
| D. Makataong Asimilasyon             |
8. Wikang ginamit sa pagtuturo sa mga paaralan sa panahon ng Amerikano.
- |             |            |
|-------------|------------|
| A. Tagalog  | C. Español |
| B. Nippongo | D. Ingles  |
9. Ang komisyon na nag ulat na hindi pa handa ang mga Pilipino sa pagsasarili.
- |                            |                       |
|----------------------------|-----------------------|
| A. Komisyon ng Pilipinas   | C. Komisyong Taft     |
| B. Komisyon Estados Unidos | D. Komisyong Schurman |
10. Sino ang unang Gobernador Sibil?
- |                             |                             |
|-----------------------------|-----------------------------|
| A. Willam Howard Taft       | C. Heneral Elwell Otis      |
| B. Dr. Jacob Gould Schurman | D. Heneral Arthur MacArthur |

## Aralin

# 1

## Ang Pamahalaang Militar

Magaling! Ngayon, handa kana bang alamin ang tungkol sa Pamahalaang Militar at ang Patakaran na ipinatupad ng Estados Unidos sa Pilipinas? Sa araling ito, iyong maliliwanagan kung ano ang Pamahalaang Militar ng Estados Unidos at ang mga patakaran nito.



### *Balikan*

Bago ka magpatuloy, tingnan natin kung may naalala ka sa ating nakaraang aralin. Para malalaman natin iyan, gawin mo ang nasa ibaba.

Panuto: Sino ang tinutukoy ng pahayag? Isulat ang sagot sa sagutang papel. Ang unang titik ng wastong sagot ay nakasulat na.

- A** \_\_\_\_\_ 1. Sinong **A** ang tinaguriang “Ama ng Katipunan?”
- M** \_\_\_\_\_ 2. Sinong **M** ang pinakamatandang kasapi ng Katipunan?
- G** \_\_\_\_\_ 3. Sinong **G** ang nagtatag ng La Solidaridad ang opisyal na pahayagan ng Kilusang Propaganda?
- J** \_\_\_\_\_ 4. Sinong **J** ang may akda ng nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo?
- G** \_\_\_\_\_ 5. Sinong **G** ang asawa ni Andres Bonifacio at tagapag-ingat ng mga kasulatan at dokumento ng katipunan?



- L** \_\_\_\_\_ 6. Sinong **L** ang tinaguriang unang Bayaning Pilipino? Dahil sa siya ang unang lumaban sa mga dayuhan?
- E** \_\_\_\_\_ 7. Sinong **E** ang Utak ng Katipunan?
- A** \_\_\_\_\_ 8. Sinong **A** ang Utak ng Himagsikan?
- T** \_\_\_\_\_ 9. Sinong **T** ang Ina ng Biak na Bato?
- T** \_\_\_\_\_ 10. Sinong **T** ang Joan of Arc ng Visayas?



## **Tuklasin**

Napakagaling mo naman. Siguradong handang handa ka na sa iyong susunod na aralin. Bago ka tumungo sa ating aralin gawin mo muna ang nasa ibaba.

Panuto: Palitan ng titik ang bawat bilang sa loob ng kahon ayon sa pagkakasunod-sunod ng alpabetong Ingles upang mabuo ang mga pangalan.

1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15
<b>A</b>	<b>B</b>	<b>C</b>	<b>D</b>	<b>E</b>	<b>F</b>	<b>G</b>	<b>H</b>	<b>I</b>	<b>J</b>	<b>K</b>	<b>L</b>	<b>M</b>	<b>N</b>	<b>O</b>

16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26
<b>P</b>	<b>Q</b>	<b>R</b>	<b>S</b>	<b>T</b>	<b>U</b>	<b>V</b>	<b>W</b>	<b>X</b>	<b>Y</b>	<b>Z</b>

Halimbawa:

2	1	20	1	19
<b>B</b>	<b>A</b>	<b>T</b>	<b>A</b>	<b>S</b>

10	15	14	5	19
<b>J</b>	<b>O</b>	<b>N</b>	<b>E</b>	<b>S</b>

1.

2	5	14	5	22	15	12	5	14	20		
1	19	19	9	13	9	12	1	20	9	15	14

2.

23	9	12	12	9	1	13				
13	3	11	9	14	12	5	25			

3.

19	21	19	15	7		19	16	15	15	14	5	18

4.

16	1	13	1	8	1	12	1	1	14	7		
19	9	2	9	12								

5.

23	9	12	12	9	1	13		8	15	23	1	18	4
20	1	6	20										

6.

	16	1	13	1	8	1	12	1	1	14	7		
	13	9	12	9	20	1	18						

7.

23	5	19	12	5	25		13	5	18	18	9	20	20

8.

7	15	21	12	4		19	3	8	21	18	13	1	14

9.

16	1	20	1	11	1	18	1	14

10.

3	1	25	5	20	1	14	15
1	18	5	12	12	1	14	15



### ***Suriin***

Matapos ang mahigit sa tatlong daang taong pagkaalipin sa mga Español, dumating ang mga Amerikano sa ating bansa. Maraming pagbabago ang nangyari na kailan man ay hindi naranasan sa Pamahalang Español.

Matapos isuko ng Español ang Maynila sa mga Amerikano, ipinag-utos ni Pangulong William McKinley ang pagpapairal ng Pamahalaang Militar sa Pilipinas. Sapagkat ito ang hinihingi ng pagkakataon dahil hindi pa mapayapa ang panahon. Layunin nito ang kapayapaan, kaayusan at katahimikan ng bansa. Pagkatapos mapagtibay ng Kongreso ng Estados Unidos ang Kasunduan sa Paris, itinalaga ni Pangulong McKinley si Heneral Wesley Merritt na maging gobernador militar noong Agosto 14, 1898. Ang sumunod sa kanya ay sina Heneral Elwell Otis (1898-1900) at Heneral Arthur Mac Arthur (1900-1901). Ang gobernador militar ay may kapangyarihang tagapagpaganap, tagapagbatas, at tagapaghukom.

Pagkatapos ng tatlong taon, pumayag ang Kongreso ng Estados Unidos na palitan ang Pamahalaang Militar at gawin itong Pamahalaang Sibil dahil nais nilang makuha ang kalooban ng mga Pilipino. Sa panukala ni Senador John C. Spooner naisulong ang Ang Susog Spooner na siyang nagtadhana ng kapangyarihan sa Pangulo ng Estados Unidos na magtatag ng Pamahalaang Sibil habang wala pang matibay na batas para sa pagtatatag ng bagong pamahalaan sa bansa.

Maliban sa pagpapayapa sa mga bahagi ng Pilipinas na ayaw kumilala sa Estados Unidos ay inihanda ng pamahalaang militar ang pundasyon ng pamahalaang sibil, tulad ng pagbubukas ng mga paaralang pampubliko na ang unang guro ay mga sundalong Amerikano; pagtatatag ng mga hukuman, pati na ang Kataas-taasang Hukuman na binubuo ng siyam na mahistrado, tatlong Amerikano at anim na Pilipino. Noong Mayo 1899 ay hinirang si Cayetano Arellano bilang kauna-unahang Punong Hukom na Pilipino. Pagdaos ng unang halalang pambayan sa Baliwag Bulacan noong Mayo 1899. Noong Marso 29, 1900 isang kautusan ang ipinalabas hinggil sa pagtatatag ng mga pamahalaang lokal sa bansa.

Ang hakbang na ito ng mga Amerikano ay nagpalapit sa kanila sa mga Pilipino. Sapagkat binigyan sila ng pagkakataong pumili ng maging pinuno sa pamamagitan ng halalan, hindi tulad sa panahon ng mga Español na ang pumipili ay ang kurang prayle.

### **Mga Patakaran sa Pamahalaang Militar**

Ang pangunahing patakaran ay ang mapasunod at makuha ang tiwala ng mga Pilipino. Tinawag itong Makataong Asimilasyon o Benevolent Assimilation. Naniniwala ang Pamahalaang Amerikano na sa pamagitan nito, maturuan at matulungan ang mga Pilipino na mapaunlad ang kanilang pamumuhay at makapagtatag sila ng sariling pamahalaan.

Ang sumusunod ay kabilang sa simulain ng patakarang Benevolent Assimilation.

1. pagpapahayag ng pagsakop sa buong kapuluan;
2. pagtatatag ng isang pamahalang katulad sa Estados Unidos;
3. pagkilala sa mga karapatan ng mga mamamayan; at
4. pagbabawal sa gawaing mapagsamantala sa mga Pilipino.

Itinuturing na kauna-unahang opisyal na patakaran sa Pilipinas ng Estados Unidos ang Benevolent Assimilation. Ito rin ang nagsilbing gabay sa pamahalaang militar sa bansa.

## **Ang Unang Komisyon ng Pilipinas (Komisyong Schurman)**

Upang matiyak na maayos ang kalagayan ng Pilipinas, nagtatag ng mga pangkat si Pangulong McKinley upang magmasid, magsiyasat at mag-ulat sa kanya tungkol sa kalagayan ng Pilipinas. Ito ay tinawag na Komisyong Schurman at Komisyong Taft.

Ang unang komisyon ay tinawag na Komisyong Schurman na pinamumunuan ni Dr. Jacob Gould Schurman na dumating sa Pilipinas noong Marso 4, 1899. Kasama ni Schurman sina Almirante George Dewey bilang kumander ng iskwadrong Amerikano sa Asya; Heneral Elwell Otis ang Gobernador Militar ng Pilipinas; Charles Denby, ministrong Amerikano sa Tsina; at Prof. Dean C. Worcester, propesor ng Pamantasan ng Michigan.

Ang pangunahing layunin ng Komisyong Schurman ay magmasid sa kalagayang pampolitika ng Pilipinas, makipagmabutihan sa mga Pilipino, at magmungkahi ng mga plano para sa Pilipinas. Bumalik sa Estados Unidos ang komisyon at nag ulat kay Pangulong McKinley noong Enero 31, 1900.

Mula sa mga pagsisiyasat ng Komisyong Schurman ay nakabuo ito ng sumusunod na mungkahi:

1. Ang pagsasarili ng Pilipinas ay hindi pa napapanahon.
2. Ang Pamahalaang Sibil ay maaaring itatag sa Pilipinas kapalit ng Pamahalaang Militar.
3. Pagbuo ng Tagapagbatas bilang sangay ng pamahalaan.
4. Pagtatag ng mga pamahalaang lokal.
5. Pagkakaloob ng mga karapatang sibil para sa lahat.
6. Pangangalaga sa mga likas na yaman ng bansa para sa mga Pilipino
7. Pagbukas ng mga paaralang pampubliko.
8. Paghirang ng mga katangi-tanging Pilipino na may kakayahan manungkulan sa pamahalaan.

## **Ikalawang Komisyon (Komisyong Taft)**

Ang ikalawang komisyon na hinirang ni Pangulong McKinley noong Marso 16, 1900 ay dumating dito sa Pilipinas noong Hunyo 3, 1900 na pinamumunuan ni William Howard Taft. Kasama ni Taft sina Luke E. Wright, Henry C. Ide, Dean C. Worcester at Bernard Moses. Ang pangunahing layunin ng komisyon ay isagawa ang mga hakbang na iminungkahi ng unang komisyon.

Ang sumusunod ay naisagawa ng Komisyong Taft:

1. Pagtatag ng Pamahalaang Sibil kapalit ng Pamahalaang Militar.
2. Pagtatag ng Pamahalaang Lokal, Serbisyo Sibil, at Konstabularyo ng Pilipinas.
3. Pagganap bilang tagapagpamayapa at tagapagbatas.
4. Paglalaan ng pondo na may halagang P2 milyon para sa paggawa ng mga tulay at daan.
5. Pagtatag ng libreng pag-aaral sa elementarya at paggamit ng wikang Ingles sa mga paaralan.
6. Paghihiwalay ng kapangyarihan ng simbahan at estado.



Ngayon alam mo na ang mga patakaran at batas tungo sa pagsasarili ng bansa. Handa ka na bang pagyamanin ang kaalamang ito? Subukin mong sagutin ang sumusunod na gawain.

Gawain 1.

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga pangungusap at piliin sa loob ng panaklong ang tamang sagot. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Ang itinalaga ni Pangulong McKinley na maging gobernador militar noong Agosto 14, 1898.  
(Hen. Elwell Otis, Hen. Wesley Merritt)
2. Pangunahing patakaran na ginamit ng mga Amerikano upang makuha ang tiwala ng mga Pilipino.  
(Makataong Asimilasyon, Susog Spooner)
3. Ang Kataas-taasang Hukuman na binubuo ng siyam na mahistrado, tatlong \_\_\_\_\_ at anim na \_\_\_\_\_.  
(Pilipino at Amerikano, Amerikano at Pilipino)
4. Nagtadhana sa kapangyarihan ng Estados Unidos na magtatag ng Pamahalaang Sibil habang wala pang batas para sa pagpa-iral ng bagong pamahalaan sa Pilipinas.

(Batas Jones, Susog Spooner)

5. Ito ang uri ng pamamahala na ipinatupad batay sa rekomendasyon ng Komisyong Schurman at unang pinamunuan ni William Howard Taft.

(Pamahalaang Militar, Pamahalaang Sibil)

Gawain 2.

Panuto: Buuin ang analohiya sa pamamagitan ng pagpuno ng tamang salita. Kompletuhin lamang ang mga titik sa linya upang makuha ang tamang sagot.

1. Unang Komisyon: Jacob G. Schurman  
Ikalawang Komisyon: \_\_ i \_\_ \_\_ i \_\_ \_\_ H. \_\_ \_\_ \_\_ t
2. Komisyon Schurman: \_\_ \_\_ \_\_ \_\_ \_\_ 4, 1899  
Komisyon Taft: Hunyo 3, 1900
3. Komisyon Schurman: Almirante George Dewey  
Komisyon Taft: Luke \_\_ \_\_ \_\_ g \_\_ t
4. Unang Komisyon: Pagtatatag ng mga pamahalaang lokal  
Ikalawang Komisyon: Pagtatatag ng Pamahalaang \_\_ i \_\_ i \_\_
5. Komisyon Schurman: Pangangalaga sa mga likas na yaman ng bansa para sa mga \_\_ i \_\_ i \_\_ i \_\_ \_\_.  
Komisyon Taft: Paglalaan ng pondo na may halagang P2 Milyon para sa paggawa ng mga tulay at daan.



### **Isaisip**

Panuto: Punan ng tamang salita upang mabuo ang diwa.

1. Ipinag-utos ni Pangulong William McKinley ang pagpapairal ng \_\_\_\_\_ sa Pilipinas. Sapagkat ito ang hinihingi ng pagkakataon dahil \_\_\_\_\_ ang panahon. Layunin nito ang kapayapaan, kaayusan at katahimikan ng bansa.

2. Upang matiyak na maayos ang kalagayan ng Pilipinas, nagtatag ng mga pangkat si Pangulong McKinley upang \_\_\_\_\_ sa kanya tungkol sa kalagayan ng Pilipinas. Ito ay tinawag na Komisyong Schurman at Komisyong Taft.
3. Ang Makataong Asimilasyon o \_\_\_\_\_ ay ginamit ng mga Amerikano upang makuha ang tiwala ng mga Pilipino.
4. Ang \_\_\_\_\_ naman ang nagpatupad ng mga mungkahing hakbang ng Komisyong Schurman.
5. Ang \_\_\_\_\_ ang nagtakda ng mga hakbang upang makapagplano ang Estados Unidos ng pamamahala sa Pilipinas.



## ***Isagawa***

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa tulong ng mga salitang nakapaloob sa mga kahon.

M	A	F	G	T	H	W	M	G	O	I	K	F	I	L	M	K	T	Y	M
I	V	W	E	S	U	S	O	G	S	P	O	O	N	E	R	W	A	E	A
L	A	R	W	D	G	A	G	B	U	O	N	R	I	M	R	R	T	S	C
I	P	I	L	I	P	I	N	O	G	N	K	B	O	G	B	I	L	S	A
T	R	G	D	B	I	R	A	T	L	G	E	E	K	S	E	H	O	M	R
A	B	H	F	W	G	B	G	E	O	R	G	S	D	E	W	E	B	I	T
R	E	T	Z	R	F	E	G	E	O	R	G	E	D	E	W	E	Y	T	H
H	U	T	T	T	E	R	B	U	L	A	C	A	N	B	H	H	K	H	U
C	W	I	L	L	I	A	M	M	C	K	I	N	L	E	Y	A	S	G	R
N	U	G	R	E	G	O	R	I	O	A	H	A	L	A	L	A	N	D	N
W	E	S	L	E	Y	M	E	R	R	I	T	T	E	I	F	H	R	Z	D

1. Sino ang Pangulo ng Estados Unidos na nag-utos na ipairal ang Pamahalaang Militar sa Pilipinas?



2. Ano ang Patakaran ni Gobernador Taft, “Ang Pilipinas ay Para sa mga \_\_\_\_\_?”
3. Sino ang kasama ni Schurman na isang kumander ng iskwadrong Amerikano sa Asya?
4. Anong batas ang nagtadhana ng kapangyarihan sa Pangulo ng Estados Unidos na magtatag ng Pamahalaang Sibil?
5. Sino ang huling nanungkulan bilang gobernador militar ng Pilipinas?
6. Sino ang unang gobernador militar?
7. Ilang taon ang itinagal ng pamahalaang militar?
8. Saang lugar naganap ang unang halalang pambayan noong Mayo 1899.
9. Sa anong paraan maaring pumili ng maging pinuno ang mga Pilipino?
10. Anong uri ng pamahalaan ang itinatag ng Amerikano upang mapigilan ang mga pag-alsa ng mga Pilipino laban sa Amerikano?



## **Tayahin**

A. Panuto: Tukuyin ang inilarawan ng bawat pahayag. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang ginamit na paraan ng mga Amerikano upang makuha ang tiwala ng mga Pilipino?
 

A. Makataong Asimilasyon	C. Pamahalaang Sibil
B. Pamahalaang Militar	D. Asambleya ng Pilipinas
  
2. Ang uri ng pamahalaang itinatag upang mapigilan ang pag-alsa ng mga Pilipino.
 

A. Pamahalaang Sibil	C. Pamahalaang Schurman
B. Pamahalaang Merritt	D. Pamahalaang Militar

3. Maraming Pilipino ang lumahok sa pamahalaan sa ilalim ng pamahalaang sibil sa bisa ng patakarang \_\_\_\_\_.
  - A. Pilipino Muna
  - B. Pilipinisasyon ng Pilipinas
  - C. Pilipinas ay para sa mga Pilipino
  - D. Makataong Asimilasyon
  
4. Sino ang kauna-unahang gobernador militar ng Pilipinas sa ilalim ng Estados Unidos?
 

A. William H. Taft	C. William Mckinley
B. Wesley Merritt	D. Jacob Schurman
  
5. Sino ang namuno sa Partido Federal sa Pilipinas?
 

A. Gregorio Araneta	C. Benito Legarda
B. Trinidad H. Pardo de Tavera	D. Jose Ruiz de Luzuriaga
  
6. Kailan naitatag sa Pilipinas ang Partido Federal upang payapain ang mga Pilipinong mag-alsa laban sa Amerikano?
 

A. Disyembre 23, 1900	C. Pebrero 6, 1901
B. Mayo 7, 1899	D. Agosto 14, 1898
  
7. Ang uri ng pamahalaan na ipinalit sa Pamahalaang Militar.
 

A. Pamahalaang Sibil	C. Pamahalaang Militar
B. Pamahalaang Taft	D. Pamahalaang Schurman
  
8. Ano ang tawag sa ipinanukala ni Senador John Spooner noong 1901?
 


A. Susog John	C. Batas John
B. Susog Spooner	D. Batas Spooner
  
9. Sino ang nagsilbing kumakatawan sa pangulo ng Estados Unidos sa pamahalaang militar?
 

A. Gobernador Sibil	C. Gobernador Militar
B. Pangalawang Pangulo	D. Pangulo

10. Alin sa sumusunod ang ipinangako ng Pamahalang Sibil sa pamumuno ni Gobernador Taft?
- A. Pagpapahalaga ng mga karapatang sibil at pagsasanay sa malayang pamamahala sa sarili.
  - B. Pagpaparami ng magsasaka
  - C. Pagpapadami ng sundalong Pilipino
  - D. Pagbibigay ng libreng pabahay



## ***Karagdagang Gawain***



### **ANG MGA KOMISYON NG PILIPINAS (Komisyong Schurman at Komisyong Taft)**

Sumulat Tayo!

Panuto: Sa iyong sagutang papel magtala ng 5 pangungusap tungkol sa larawan sa itaas.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

## Ang Pamahalaang Sibil

Kumusta na? Natapos mo nang mapag-aralan ang pamahalaang militar at ang patakaran ng Amerikano. Ngayon ating dagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa Pamahalaang Sibil.

Ngayon sa aralin na ito ating pag-aaralan kung ano ang Pamahalaang Sibil.



### ***Balikan***

Magbalik tanaw tayo sa nakaraang aralin.

Panuto: Kilalanin ang tinutukoy ng bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. Patakarang ginamit ng mga Amerikano upang makuha ang tiwala ng mga Pilipino.
2. Nahirang bilang kauna-unahang Punong Hukom na Pilipino.
3. Ang Pangulo ng Estados Unidos na nag-utos na ipairal ang Pamahalaang Mililtar.
4. Ang kabuuang taong itinagal ng pamahalaang militar.
5. Ang nagsilbing kumakatawan sa pangulo ng Estados Unidos.
6. Anong komisyon na may layunin na mapaunlad ang kabuhayan ng mga Pilipino at maituro ang wikang Ingles sa mga paaralan?
7. Anong komisyon na ang pangunahing layunin nito ay maipatupad ang minungkahi ng unang komisyon?
8. Anong komisyon ang naglaan ng pondo na P2 Milyon para sa paggawa ng mga tulay at daan?
9. Anong komisyong ang itinatag upang magsiyasat at mag-ulat sa kalagayan ng Pilipinas?
10. Sino ang pinuno ng Unang Komisyon?



## **Tuklasin**

Panuto: Sa iyong sagutang papel magtala ng 2 pangungusap tungkol sa larawan.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_



**William Howard Taft**



## **Surin**

### **Ang Pamahalaang Sibil sa Pamumuno ni William Howard Taft**

Nahirang na kauna-unahang Gobernador Sibil ng Pilipinas at naging Pangulo ng Komisyon ng Pilipinas (o Tagapagbatas) si William Howard Taft. Kasama rin sa kanyang Komisyon sina Trinidad H. Pardo de Tavera, Benito Legarda, at Jose Ruiz de Luzuriaga.

Napalapit sa damdamin ng mga Pilipino si Taft dahil sa kanyang makataong pamumuno. Ang kanyang patakarang "Ang Pilipinas ay Para sa mga Pilipino" ang siyang nagbigay daan na makuha ni Taft ang paggalang at paghanga ng mga Pilipino. Marami mang pagsubok at suliranin ang kinaharap sa ilalim ng kanyang pamunuan, ito ay hindi naging hadlang upang mapabuti niya ang kalagayan ng bansa.

Ang Pamahalaang Sibil ay umiral sa Kapuluan ng Pilipinas maliban sa Mindanao, Sulu at Timog Palawan. Ilan sa mga ipinangako ni Taft sa ilalim ng Pamahalaang Sibil ay ang sumusunod:

1. Pagpatigil ng labanan, pagsusulong ng kapayapaan, at pagpatatag ng Pamahalaang Lokal.
2. Pagpapalaganap ng islogan na “Ang Pilipinas ay Para sa mga Pilipino.”
3. Pagpapahalaga ng mga karapatang sibil at pagsasanay sa malayang pamamahala sa sariling bansa.
4. Pagpapaunlad ng edukasyon at sanitasyon sa Pilipinas.
5. Paghihikayat sa mga Amerikano na magnegosyo sa Pilipinas.

Ang Komisyon ng Serbisyo Sibil pinagtibay noong 19 Setyembre 1900. Itinadhana nito ang pagbibigay ng pagsusulit sa sinumang nais maglingkod sa pamahalaan. Maaaring makapagtrabaho bilang serbisyo publiko ang sinumang makapasa sa pagsusulit.

Maraming mga Pilipino ang nabigyan ng pagkakataon na makapagtrabaho sa pamahalaan tulad nila Cayetano Arellano na punong mahistrado ng Korte Suprema, at naging kagawad ng Komisyong Taft sina Dr. Trinidad H. Pardo de Tavera, Benito Legarda at Jose Ruiz de Luzurriaga. Binigyan ni Taft ng pagkakataon ang mga Pilipino na mapalawak ang pakikilahok sa pamahalaan.

Matapos ang panunungkulan ni Taft sumunod sa kanya sina Luke E. Wright (1904-1906), Henry C. Ide (1906-1907), James F. Smith (1906-1909) at William C. Forbes (1909-1913).

### **Patakaran sa Pulitika**

Nahirapan ang mga Amerikano na pamahalaan ang mga Pilipino dahil nahahati ang mga ito sa dalawang pangkat, ang pangkat ng maka-Amerikano at ang pangkat na laban sa Amerikano.

Ang Maka-Amerikanong Pangkat – pangkat na handang yumakap sa pamahalaang Amerikano o tinatawag na Federalista. Ang namumuno sa pangkat na ito ay si Dr. Trinidad H. Pardo de Tavera. Naitatag ang Partido Federal sa Pilipinas noong Disyembre 23, 1900. Ang Partido Federal ay isa sa mga partido na nangangampanya para sa kalayaan ng bansa sa takdang panahon. Ikinakampaya ng partidong ito na gawing estado ng Estados Unidos ang Pilipinas kaysa maging kolonya nito.

Ang Pangkat na laban sa Estados Unidos o tinatawag na Nacionalista-ito ay pinamumunuan nina Cecilio Apostol at Macario Sakay. Ang partidong ito ang nagtataguyod ng lubusang pagsasarili ng mga Pilipino.

## **Patakaran sa Lipunan**

Ang mga Amerikano ay kilala sa pagtataguyod ng demokrasya kaya kinikilala nila ang karapatan ng mga Pilipino. Sa umpisa may mga batas silang pinatupad tulad ng Batas Sedisyon 1901, subalit pinairal pa rin nila ang pagkapantay-pantay sa karapatan, panunungkulan, at iba pa.

Ang Batas Sedisyon ay isang batas na nagpaparusa ng kamatayan o matagal na pagkakulong sa sinumang Pilipino na magsasalita, magsusulat laban sa Estados Unidos, magtatangkilik sa pagsasarili at paghihiwalay ng Pilipinas sa Estados Unidos.

## **Mga Batas sa Pagsasarili**

Gumawa ng paraan ang mga Amerikano upang unti-unting mailipat ang pamumuno at maihanda ang mga Pilipino sa pagsasarili. Ito ay sa pamamagitan ng patakarang Pilipinisasyon. Pilipinisasyon ang tawag sa unti-unting pagsasalin ng pamahalaang Amerikano sa Pilipinas ng kapangyarihang mamahala sa mamamayang Pilipino.

May apat na batas na pinagtibay upang mapalawak ang pakikilahok ng mga Pilipino sa pamahalaan.

1. Batas Pilipinas ng 1902 o ang Batas Cooper
2. Batas Jones ng 1916
3. Batas Hare-Hawes-Cutting
4. Batas Tydings-McDuffie

## **Ang Batas Pilipinas ng 1902**

Ang Batas Pilipinas ng 1902 o Batas Cooper ay inihain ni Henry Allen Cooper. Pinagtibay noong Hunyo 2, 1902. Ito ang nagtakda sa pagbibigay ng karapatan sa mga halal na Pilipino na mamuno. Ito rin ang nagbigay sa mga Pilipino ng mga karapatan sa malayang pananalita at pagpapahayag, karapatang huwag mabilanggo dahil sa pagkakautang, pagiging pantay-pantay sa harap ng batas, at kalayaan sa pagkakaalipin.

## **Ang Batas Jones ng 1916**

Ang ikalawang batas tungo sa pagsasarili ng Pilipinas ay ang Batas Jones o Philippine Autonomy Act na itinaguyod ni William Atkinson Jones at nilagdaan ni Pangulong Woodrow Wilson noong Agosto 19, 1916.

Ayon sa Batas Jones, kilalanin ng Estados Unidos ang kalayaan ng Pilipinas kapag mayroon na itong matatag na pamahalaan.

### **Ang Batas Hare-Hawes-Cutting**


Ang Batas Hare-Hawes-Cutting ay pinanukala nina Senador Harry B. Hawes, kinatawan Butler Hare, at Senador Bronson M. Cutting, kaya tinagurian itong Batas Hare-Hawes-Cutting. Ang batas na ito ang nagtadhana ng pagbibigay ng kasarinlan sa Pilipinas pagkatapos ng 10 taon, pagpapanatili ng mga base militar ng Estados Unidos sa bansa, at ang pagpapataw ng buwis sa mga produktong iluluwas sa Estados Unidos ng Pilipinas.

### **Ang Batas Tydings-McDuffie**

Ang Batas Tydings-McDuffie ay inakda nina Senador Milliard Tydings at kinatawan John McDuffie. Pinagtibay at nilagdaan ni Pangulong Franklin Delano Roosevelt noong Marso 24, 1934.

Ang mga itinadhana ng batas na ito ay ang sumusunod:

1. Ang 10 taong pamahalaang Komonwelt bilang paghahanda sa pagsasarili na itinadhana ng batas sa petsang Hulyo 4, 1946;
2. Pagtatatag ng kumbensyong gagawa ng saligang batas;
3. Pagdaraos ng plebisitong magpapatibay ng saligang batas;
4. Paghahalal sa mga mamumuno sa pamahalaang Komonwelt; at
5. Pagkilala sa kasarinlan ng Pilipinas sa 4 Hulyo pagkatapos ng huling taon ng pamahalaang Komonwelt.



***Pagyamanin***

Panuto: Punan ng wastong titik ang bawat kahon upang mabuo ang salitang tinutukoy. Isulat sa sagutang papel ang buong salita.



1. Ito ay ginamit ng mga Amerikano upang makuha ang tiwala ng mga Pilipino.

F			E		A			S		A
---	--	--	---	--	---	--	--	---	--	---

2. Ito ang batas na nagtakda sa pagbibigay ng karapatan sa mga halal na Pilipino na mamuno.

B			A	
---	--	--	---	--

C					
---	--	--	--	--	--

3. Nahirang na kauna-unahang Gobernador Sibil ng Pilipinas at siya rin ang naging Pangulo ng Komisyon ng Pilipinas o Tagapagbatas.

W						
T						

H					
---	--	--	--	--	--

4. Ang batas na ito ang nagpaparusa ng kamatayan o matagal na pagkakulong sa sinumang Pilipino na magsasalita, magsusulat laban sa Estados Unidos.

B				S
---	--	--	--	---

S							
---	--	--	--	--	--	--	--

5. Ang Pamahalaang Sibil ay umiral sa Kapuluan ng Pilipinas maliban sa Mindanao, Sulu at \_\_\_\_\_.

T				G
---	--	--	--	---

P				W		N
---	--	--	--	---	--	---



## **Isaisip**

- Si William Howard Taft ang unang Gobernador Sibil sa Pilipinas.
- Ang patakarang “Ang Pilipinas ay para sa Pilipino” ni Gobernador Sibil Taft ang nagpalapit sa kanya sa mga damdamin ng mga Pilipino.
- Sa ilalim ng pamumuno ni William H. Taft sinanay ng mga Amerikano ang mga Pilipino sa pamumuno ng bansa.
- Ang Gobernador Sibil ay may kapangyarihang ehekutibo at lehislatibo.
- Ang Komisyong Schurman ang nagtakda ng mga hakbang upang makapagplano ang Estados Unidos ng pamamahala sa Pilipinas.
- Ang Komisyong Taft naman ang nagpatupad ng mga mungkahing hakbang ng Komisyong Schurman.
- Pinalitan ang Pamahalaang Militar ng Pamahalaang Sibil. Nagkaroon ng iba’t ibang sangay at ahensyang pampamahalaan. Si William Howard Taft ang naging unang Gobernador Sibil.



## **Isagawa**

Panuto: Ang bawat bilang ay may dalawang pahayag M at W. Suriin kung tama o mali ang isinasaad ng mga ito. Gawing batayan ang sumusunod. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

- |                         |                                           |
|-------------------------|-------------------------------------------|
| A. Ang <b>M</b> ay tama | C. Parehong tama ang <b>M</b> at <b>W</b> |
| B. Ang <b>W</b> ay tama | D. Parehong mali ang <b>M</b> at <b>W</b> |

1. M- Layunin ng Estados Unidos na matulungan ang mga Pilipino na mamamahala sa sariling bansa.  
W- Binigyan ng pagkakataong mamamahala at gumawa ng batas para sa bansa ang ilang Pilipino sa ilalim ng Amerikano.

2. M- Ang damdamin ng mga Pilipino ay napalapit kay William Howard Taft dahil sa kanyang patakarang “Ang Pilipinas ay para sa mga Pilipino.”  
W- Hindi nagustuhan ng mga Amerikano ang patakaran ni William Howard Taft na “Ang Pilipinas ay para sa mga Pilipino.”
3. M- Gumawa ng paraan ang mga Amerikano upang unti-unting mailipat ang pamumuno at maihanda ang mga Pilipino sa pagsasarili.  
W- Walang ginawa ang mga Amerikano para sa Pagsasarili ng mga Pilipino.
4. M- Pagpapahalaga ng mga karapatang sibil at pagsasanay sa malayang pamamahala sa sariling bansa.  
W- Pagpapaunlad ng edukasyon at sanitasyon sa Pilipinas.
5. M- Hintayin ang 15 taon upang maibigay ang kalyaan ng Pilipino.  
W- Batas Hare-Hawes-Cutting ang batas na ito ang nagtadhana ng pagbibigay ng kasarinlan sa Pilipinas pagkatapos ng 10 taon.



## **Tayahin**

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang tamang sagot na tinutukoy sa bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel.

1. Sino ang unang Gobernador Sibil?  
(Henry Allen Cooper, William H. Taft)
2. Sino ang nagtaguyod ng Philippine Autonomy Act?  
(Woodrow Wilson, William Atkinson Jones)
3. Kailan pinagtibay ang Komisyon ng Serbisyo Sibil? Itinadhana nito ang pagbibigay ng pagsusulit sa sinumang nais maglingkod sa pamahalaan.  
(Setyembre 19, 1900, Agosto 19, 1916)
4. Sino ang punong mahistrado ng Korte Suprema sa Pamahalaang Sibil?  
(Cayetano Arellano, Trinidad H. Pardo de Tavera)

5. Kailan ang itinakda ng Batas Tydings McDuffie ang kasarinlan ng Pilipinas pagkatapos nga 10 taon?  
(Marso 24, 193, Hulyo 4, 1946)
6. Anong partido ang nangangampanya na gawing estado ng Estados Unidos ang Pilipinas kaysa maging kolonya nito?  
(Nacionalista, Federal)
7. Sino ang napalapit sa damdamin ng mga Pilipino dahil sa kanyang makataong pamumuno.  
(Taft, Forbes)
8. Ano ang tawag sa unti-unting pagsasalin ng pamahalaang Amerikano sa Pilipinas ng kapangyarihang mamahala sa mamamayang Pilipino.?  
(Pilipinisasyo, Nacionalista)
9. Anong slogan ang pinakalat ni William H. Taft?  
(Ang Pilipinas ay Para sa mga Pilipino, Ang Pilipinas ay Para sa mga Amerikano)
10. Ano ang pangunahing patakaran ipinatupad ng Estados Unidos upang makuha ang tiwala ng mga Pilipino?  
(Ang Pilipinas ay Para sa mga Pilipino, Makataong Asimilasyon)



## ***Karagdagang Gawain***

Matapos mong mabasa at maunawaan ang aralin ay siguradong handa ka na upang ipaliwanag ang sumusunod na katanungan:

Ang gabay sa pamumuno ni Gobernador Sibil William Howard Taft ay  
“ANG PILIPINAS AY PARA SA MGA PILIPINO”.

Ano ang ibig sabihin nito?





## Susi sa Pagwawasto: Aralin 2

**Tayahin**

1. William H. Taft
2. William Atkinson Jones
3. Setyembre 19, 1900
4. Cayetano Arellano
5. Hulyo 4, 1946
6. Federal
7. Taft
8. Piliplinasasyon
9. Ang Piliplinas ay Para sa mga Pilipino
10. Makataong Asimilasyon

**Karagdagang Gawain**

*Tanggapin ang sagot ng bata basta naaayon sa hinuhingnging sagot.*

**Pagymanin**

1. FEDERALISTA
2. BATAS COOPER
3. WILLIAM HOWARD TAFT
4. BATAS SEDISYON
5. TIMOG PALAWAN

**Isagawa**

1. C
2. A
3. A
4. C
5. B

**Balikan**

1. Makataong Asimilasyon
2. Cayetano Arellano
3. William McKinley
4. talo
5. Gobernador Militar
6. Komisyon Taft
7. Komisyon Taft
8. Komisyon Taft
9. Komisyon Schurman
10. Jacob Gould Schurman

**Tuklasin**

*Tanggapin ang mga sagot ng bata kung naaayon din lamang ito sa sagot o tanong.*

## ***Sanggunian***

Estelita B. Capiña and Gloria P. Barrientos. *Pilipinas: Bansang Malaya, Batayang Aklat Heograpiya, Kasaysayan at Sibika* Quezon City: SD Publications, Inc., 2000, 132-136.

Estelita B. Capiña and Gloria P. Barrientos. *Pilipinas: Bansang Papaunlad 6, Batayang Aklat Heograpiya, Kasaysayan at Sibika* Quezon City: SD Publications, Inc., 2000, 194-199.

Florencia C. Domingo, Ph.D. et al., *Pilipinas: Isang Sulyap at Pagyakap, Batayang Aklat sa Araling Panlipunan 1* Makati City: EdCrisch International, Inc., 2006, 188-200.

Project EASE (Effective and Alternative Secondary Education). *Araling Panlipunan I, Modyul 13, Ang Paghahanda para sa Pagsasarili*. Department of Education, 2014.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)